# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 01, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RELEASED NAME: DATE 070824 TIME

RECORDED By: D.Be: JUL 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 17-T2024**

**KAUTUSANG SINUSUSUGAN ANG KAUTUSANG BAYAN BLG. 019-T2022 NA IDINARAGDAG ANG ILAN PANG MAKASAYSAYANG LUGAR AT TAO SA SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may umiiral na Kautusang Bayan Blg. 019-T2022 na Kinikilala ang mga Makasaysayan at Minanang Kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aari ng pamahalaan, nakikita man o hindi na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SAPAGKAT,** may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis para sa nabanggit na paksa;

**SAPAGKAT**, ang pagdaragdag ng mga makasaysayang lugar at tao ay pagkilala at pagpapahalaga pa rin sa mga ito bilang bahagi ng kasaysayan at kultura ng bayang ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1-** Idagdag at kilalanin sa talaan ng mga makasaysayang lugar at tao ang mga sumusunod:

a. Naging Pook-piitan ni Teodora Alonso, Ina ni Dr. Jose Rizal
b. Batangas Laguna Tayabas Bus Company (BLTB Co.), unang Kumpanya ng Bus sa lalawigan ng Laguna
c. G. Enrique C. Sobrepena, Sr., nagtatag ng Union College of Laguna
d. Juan K. Cailles, Unang Pilipinong Gobernador ng Laguna

**SEKSYON 2-** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Lupon sa Turismo, Kultura at Sining, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial, Culture, Arts and Trade Office, National Commission for Culture and the Arts, National Historical Commission of the Philippines, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 01, 2024**

Pinatutunayan kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad
KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad
KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad
KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad
KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad
KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad
KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad
KGG. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President
KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

Karugtong ng Kautusang Bayan Blg. 17-T2024



**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
ABC – Federation President

**KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO**
Pangulo - SK Pederasyon

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo